

Paleozoic Era	Paleozoic Era	isang panahon ng sinaunang pamumuhay, na nagsimula humigit-kumulang sa 544 milyong taon na ang nakalilipas, nang ang mga organismo ay nakabuo ng mga matitigas na bahagi, at nagwakas sa mga maramihang pagkalipol humigit-kumulang sa 245 milyong taon na ang nakakalipas.
Pangaea	Pangaea	malakihang sinaunang lupain na binubuo ng pagkakadugtong-dugtong ng lahat ng mga kontinente.
parallel circuit	parallel circuit	isang circuit kung saan ang koryente ay may higit sa isang daanan na madadaluyan.
parasitism	parasitism	isang uri ng ugnayang pandalawahan kung saan ang isang organismo ay nakikinabang at ang kabilang organismo ay napipinsala.
particulate matter	particulate matter	mga pinong solid tulad ng pollen, sediment, amag, abo at duming-uling at maging mga likidong nakahalo sa hangin na maaaring makayamot at makapinsala sa бага kapag nalanghap.
pascal	pascal	yunit ng presyon ayon sa SI.
passive immunity	pasibong resistensiya (passive immunity)	ang immunity na nabubuo kapag ang mga antibody na nasa isang hayop ay inilagay sa isa pang hayop; hindi kasing-tagal ang epekto kapag ihahambing sa active immunity.
passive transport	pasibong paglalakbay (passive transport)	ang paglilipat ng mga sustansiya sa isang cellcell membrane nang walang paggamit ng enerhiya ng selula; kabilang ang diffusion, osmosis, at facilitated diffusion.
pathogen	pathogen	organismo na nagiging sanhi ng sakit.
period	period	pahalang na hanay sa periodic table; ang tagal na panahon na kinakailangan upang ang isang wavelength ay lumampas sa isang nakapirming punto; ipinapahayag ayon sa segundo.
period	panahon (period)	ikatlo sa pinakamahaba na pagkakahati ng panahon sa Mundo; ito ay hinahati pa sa

		mga epoch at binibigyang-katangian ng mga uri ng buhay na namuhay sa buong mundo.
periodic table	periodic table	ang organisadong listahan ng lahat ng mga natukoy na element na nakaayos ayon sa pataas na numerong atomiko at sa pamamagitan ng mga pagbabago sa mga katangiang kemikal at pisikal.
periosteum	periosteum	makunat at masikip na balat na bumabalot sa ibabaw ng isang buto at naglalaman ng mga daluyan ng dugo na nagdadala ng mga sustansiya papunta sa buto.
peripheral nervous system	peripheral nervous system	bahagi ng nervous system, na binubuo ng lahat ng mga ugat na nasa labas ng CNS; ikinokonekta ang utak at ang spinal cord sa iba pang mga bahagi ng katawan.
peristalsis	peristalsis	ang alon-alon ng mga paggalaw ng kalamnan na nagpapadaloy ng pagkain sa digestive tract.
permeable	matatagusan (permeable)	ang tawag sa lupa at bato na may mga magkakakabit na butas kung saan maaaring tumagas ang tubig.
permineralized remains	permineralized remains	mga fossil na may mga taglay na espasyo sa loob na puno ng mga mineral mula sa tubig sa lupa.
pesticide	kontra- peste (pesticide)	sustansiya na ginagamit upang ipagtanggol ang mga pananim at hardin mula sa pagwasak ng mga insekto at halamang ligaw.
petroleum	petrolyo	likidong fossil fuel na nabuo mula sa mga nabulok na labi ng mga sinaunang organismo; maaaring mapapino pa at gawing mga fuel at magamit para sa pagbuo ng mga plastik.
pH	pH	isang sukat ng konsentrasyon ng mga hydronium ion sa isang solusyon gamit ang isang iskala mula 0 hanggang 14, kung saan ang 0 ang pinakamaasido at ang 14 ang may pinakamataas ang pagkakaroon ng base.
pharyngeal pouches	pharyngeal pouches	sa mga lumalaking chordate, ang mga pinagpares na butas na matatagpuan sa lugar sa pagitan ng bibig at daluyan ng

		pagtunaw ng pagkain.
pharynx	pharynx	hugis-tubo na daluyan para sa pagkain, likido at hangin.
phenotype	phenotype	panlabas na hitsurang pisikal at pag-uugali ng isang organismo bilang resulta ng genotype nito.
pheromone	pheromone	malakas na kemikal na ginagawa ng isang hayop upang maapektuhan ang pag-uugali ng isa pang hayop ng kaparehong species.
phloem	phloem	vascular na tissue na nagbubuo ng mga tubo na nagpapadaloy ng natunaw na asukal sa isang halaman.
photochemical smog	photochemical smog	malabo at kulay dilaw-kayumanggi na suklob ng makapal na usok na matatagpuan sa ibabaw ng mga siyudad na siyang nabubuo sa tulong ng sikat ng araw, naglalaman ng ozone na malapit sa lapag ng Mundo, at maaaring makapinsala sa baga at sa mga halaman.
photon	photon	particle na minsan ay may kaparehong pagkilos ng mga electromagnetic wave; may enerhiya na tumataas habang tumataas ang frequency ng electromagnetic wave.
photoperiodism	photoperiodism	ang tugon ng isang halaman sa mga tagal ng ilaw at dilim sa bawa't araw.
photosphere	photosphere	pinakamababang patong ng himpapawid ng Araw; nagbibigay ng ilaw at may temperatura na humigit-kumulang sa 6,000 K.
photosynthesis	photosynthesis	proseso kung kailan ang mga halaman at marami pang tagabuo ay gumagamit ng enerhiya ng ilaw upang bumuo ng isang simpleng sugar mula sa carbon dioxide at tubig at maglabas ng oxygen.
photovoltaic cell	photovoltaic cell	aparato na nagpapalit ng enerhiya ng araw sa koryente; tinatawag din na solar cell.
phylogeny	phylogeny	kasaysayan sa evolution ng isang organismo; ginagamit ngayon upang isa-pangkat ang mga organismo sa anim na mga kingdom.
physical change	pagbabagong pisikal (physical change)	anumang pagbabago sa laki, hugis o katayuan ng matter

		kung saan ang pagkakakilanlan ng sustansiya ay nananatiling pareho.
physical property	katangiang pisikal (physical property)	anumang katangian ng isang materyales, tulad ng laki o hugis, na iyong mamamasdan o masusubukang pagmasdan nang walang pagpapalit ng pagkakakilanlan ng materyales.
pigment	pigment	may-kulay na materyales na ginagamit upang mapalitan ang kulay ng iba pang mga sustansiya.
pioneer species	naunang species (pioneer species)	species na maaaring makabiyak ng bato at mag-ipon ng nabubulok na materyales ng halaman upang maaaring tumubo ang iba pang mga halaman; ang mga unang organismo na tumutubo sa mga bago o nagambala na mga lugar.
pistil	pistil	bahagi ng katawan sa pagpaparami na pambabae na nasalob ng bulaklak ng isang andyosperm; kabilang dito ang isang madikit na stigma, kung saan nahuhulog ang mga butil ng pollen, at isang ovary.
pitch	pitch	kung gaano kataas o kababa ang isang tunog; may kaugnayan sa frequency ng mga wave ng tunog.
placenta	bahay-bata (placenta)	isang laman-loob na nabubuo mula sa mga tissue ng embryo at mga tissue sa paligid ng loob ng uterus na sumisipsip ng oxygen at pagkain mula sa dugo ng ina.
placental	placental	isang mammal na siyang nagkakaroon ng anak na nabubuo sa loob ng uterus ng babae.
plain	patag (plain)	malaki at patag na anyo ng lupa na karaniwan ay may makapal at mataba na lupa at karaniwan ay matatagpuan sa panloob na rehiyon ng isang kontinente.
plane mirror	salaming plane (plane mirror)	patag at makinis na salamin na nagpapatalbog ng nilaw upang bumuo ng mga nakatayo at kunwaring imahe.
plankton	plankton	mga organismo na pangkaragatan na lumulutang sa mga pagtangay ng tubig sa dagat.
plasma	plasma	likidong bahagi ng dugo, na

		karaniwan ay binubuo ng tubig, kung saan ang natutunaw ang oxygen, mga sustansiya at mineral; matter na bumubuo ng mga particle na may positibo at negatibong charge.
plate tectonics	plate tectonics	ang teorya na ang crust at upper mantle ng Mundo ay nabitak sa mga plato na lumulutang at gumagalaw-galaw sa isang mala-plastik na patong ng mantle.
plate	plate	isang malakihang bahagi ng pang-karagatan o pang-kontinenteng crust ng Mundo at matigas na pang-itaas na mantle na gumagalaw-galaw sa asthenospir.
plateau	plateau	patag at nakausli na anyo ng lupa na binubuo ng mga halos pahiga na mga bato na umangat.
platelet	platelet	baku-bako na piraso ng cell na tumutulong upang mamuo ang dugo at nagpapalabas ng mga kemikal, na tumutulong upang makabuo ng fibrin.
plucking	plucking	proseso na nagdadagdag ng graba, buhangin at mga malalaking bato sa bandang ibaba at gilid ng isang glacier habang nagyeyelo at natutunaw ang tubig, na siyang nagpapabitak ng mga piraso ng nakapaligid na bato.
point source pollution	polusyon na may tiyak na pinanggalingan (point source pollution)	polusyon na pumapasok sa tubig mula sa isang tiyak na kinalalagyan at maaaring mapangasiwaan o malinis bago ito pumasok sa isang lupon ng tubig.
polar molecule	polar molecule	molecule na may isang bahagyang positibo na dulo at isang bahagyang negatibo na dulo na resulta ng hindi pantay-pantay na pagkakahati-hati ng mga electron.
polar zones	polar zones	mga saklaw ng klima na nakakatanggap ng radiation mula sa araw sa isang mababang anggulo, nagmumula sa 66°N at S latitude sa mgapole, at hindi kailanman mainit-init.
polar	polar	ang pagkakahiya-hiwalay ng mga positibo at negatibong mga lugar; ang mga polar na

		materyales ay nakakaakit ng mga molecule ng tubig at madaling natutunaw sa water.
polarized light	ilaw na polarized (polarized light)	ilaw na may mga alon na nanginginig lamang sa iisang direksyon.
pollen grain	pollen grain	maliit na bagay na binubuo ng mga bahaging pamparami ng lalaki sa isang halamang butil; mayroong pabalot na hindi napapasukan ng tubig, maaaring mabuo mula sa isang spore, at naglalaman ng mga bahaging gametophyte na bubuo ng semilya.
pollination	pollination	ang paglilipat ng mga butil ng pollen sa isang bahaging pambabae ng isang halamang butil sa pamamagitan ng mga ahente tulad ng gravitygravity, tubig, hangin, at mga hayop.
pollutant	pollutant	sustansiya na nakakadumi sa anumang bahagi ng kapaligiran.
pollution	polusyon	ang pagpasok ng mga dumi sa isang kapaligiran, tulad ng dumi mula sa mga bahay-bahay at mga kemikal, na maaaring makasama sa mga organismo.
polyatomic ion	polyatomic ion	may positibo o negatibong charge, ito ay mga pangkat ng atom na pinagdikit-dikit sa pamamagitan ng covalent bond.
polyethylene	polyethylene	polymer na binuo mula sa isang kadena ng maraming mga yunit ng ethylene; kadalasan ay ginagamit sa mga plastik na supot at mga plastik na bote.
polygenic inheritance	pagmamanang polygenic (polygenic inheritance)	nangyayari kapag ang isang pangkat ng mga pares ng gene ay sabay na gumagana at bumubuo ng isang tiyak na katangian, tulad ng kulay ng mata ng tao, kulay ng balat, o tangkad.
polymer	polymer	klase ng mga natural o likhang-tao na mga sustansiya na binubuo ng maraming mga mas maliliit at mas simpleng mga molecule, na kung tawagin ay mga monomer, na nakaayos sa mga malalaking kadena.
polyp	polyp	uri ng katawan na cnidarian na hugis-garapon at karaniwan ay nakakabit lamang sa iisang

		lugar sa kabuuan ng buhay nito.
population	populasyon	kabuuang bilang ng mga indibidwal ng iisang species na nakatira sa parehong lugar.
postanal tail	buntot na postnatal (postanal tail)	mala-kalamnang bagahi na nasa dulo ng isang umuusbong na chordate.
potential energy	enerhiyang potensyal (potential energy)	naka-imbak na enerhiya na taglay ng isang bagay sanhi sa kinalalagyan nito.
power	lakas (power)	dami ng trabahong nagawa, o ang dami ng enerhiyang nailipat, hinati sa panahon na kinakailangan upang maisagawa ang trabaho o mailipat ang enerhiya; sinusukat sa watt (W).
Precambrian time	panahong Precambrian (Precambrian time)	pinakamahabang bahagi ng kasaysayan ng Mundo, na tumatagal mula 4.0 bilyon hanggang sa humigit-kumulang sa 544 milyong taon na ang nakalilipas.
precipitate	precipitate	hindi-matunaw na compound na nagmumula sa isang solusyon sa panahon ng isang double-displacement na reaksiyon.
precipitation	pamumuo (precipitation)	tubig na nahuhulog mula sa mga ulap-kabilang ang ulan, niyebe, sleet, at yelo -at ang anyo nito ay tinutukoy ng temperatura ng hangin.
preening	preening	proseso kung saan ang isang ibon ay nagpupunas ng langis sa mga balahibo nito mula sa isang gawaan ng langis sa katawan niya upang makondisyon ang mga ito.
pregnancy	pagbubuntis	panahon ng pag-usbong - karaniwan ay humigit-kumulang sa 38 o 39 linggo sa mga babaeng tao -mula sa isang napunlaang itlog hanggang sa pagkapanganak.
pressure	presyon	dami ng puwersang ipinataw sa loob ng isang yunit ng sakop na lugar; ang yunit na SI ay ang pascal (Pa).
primary wave	pangunahing alon (primary wave)	alon na seismic na nagpapagalaw sa mga bato nang pasulong at paatras sa parehong direksyon ng paglakbay ng alon.
primates	primates	pangkat ng mga mammal kabilang

		ang mga tao at unggoy, na may pare-parehong mga katangian tulad ng mga magkakasalungat na hinlalaki, paningin na parang binocular, at nababaluktot na mga balikat.
prime meridian	prime meridian	kathang-isip na linya na kumakatawan sa 0° longitude at dumadaan mula sa north pole at tumatagos sa Greenwich, England, papunta sa south pole.
principle of superposition	prinsipyo ng pagsasapaw (principle of superposition)	ipinapahayag na sa mga dinagambalang patong ng bato, ang mga pinakamatandang bato ay nasa ilalim at ang mga bato ay nagiging pabata nang pabata habang papunta sa itaas.
producer	producer	organismo, tulad ng isang luntiang halaman o alga, na gumagamit ng isang panlabas na pagkukunan ng enerhiya tulad ng Araw upang bumuo ng mga molecule ng pagkain na mayaman sa enerhiya.
product	produkto	sa isang reaksiyong kemikal, ang bagong sustansiya na nabuo.
protein	protina	protina; malaking molecule na naglalaman ng carbon, hydrogen, oxygen, nitrogen, at minsan ay sulfur at binubuo ng mga asidong amino; ginagamit ng katawan para sa paglaki at ang pagpapalit at pagkukumpuni ng mga cell ng katawan.
proteins	mga protina	mga protina; malalaki, kumplikado at pang-biyolohiya na mga polymer na binuo mula sa mga yunit ng asidong amino; bumubuo sa maraming mga tissue ng katawan tupad ng mga kalamnan, tendon, buhok, at kuko.
prothallus	prothallus	maliit, luntian at hugis-puso na pako o fern na may anyong-halaman na gametophyte at may kakayahang gumagawa ng sarili nitong pagkain at sumipsip ng tubig at mga sustansiya mula sa lupa.
protist	protist	organismo na eukaryotic na may isa o maraming cell at maaaring maging tila-halaman, tila-yahop o tila-fungus.

proton	proton	particle sa loob ng nucleus ng isang atom na may charge na 1+.
protozoan	protozoan	protist na may iisang cell at tila-hayop na nainirahan sa tubig, lupa, at sa mga nabubuhay at mga patay na organismo.
pseudopods	pseudopods	mga panandaliang pag-usli mula sa cytoplasm na ginagamit ng ilang mga protist upang gumalaw at kumuha ng pagkain.
pulley	pulley	isang simpleng makina na binubuo ng isang may-uka na gulong at isang tali, kadena o kable na dumadaan sa uka; maaaring maging pirmihan o maigagalaw.
pulmonary circulation	pagdaloy sa baga (pulmonary circulation)	pagdaloy ng dugo na dumadaan sa puso papunta sa mga baga at pabalik sa puso.
punctuated equilibrium	punctuated equilibrium	huwaran na naglalarawan sa mabilisang evolution na nangyayari kapag ang isang mutation ng ilang mga gene ay nagreresulta sa biglaang pagbabago ng isang species upang maging isang bagong species.
Punnett square	Punnett square	isang kasangkapan na ginagamit upang mahulaan ang paglabas ng ilang mga katangian sa anak at nagpapakita ng mga iba't-ibang mga pamamaraan ng pagsasama-sama ng mga alel.